International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 1 | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 91-100

# Writing Proficiency in Narrative Texts Among Filipino 9 Students for the Development of E-SIPAT

**Argie T. Tuburan[1], Gracelyn C. Altaya[2]**

[1]Department of Education, Esperanza National High School – Koronadal City, Philippines
tuburanargie777@gmail.com
[2]Graduate School, Sultan Kudarat State University, Philippines
gracelynaltaya@sksu.edu.ph

## Abstract

Writing proficiency is a fundamental skill for academic success, particularly in narrative composition, where students must demonstrate both creativity and coherence in writing stories. This study aimed to assess the narrative writing proficiency of Grade 9 students in Filipino and develop E-SIPAT, an instructional tool designed to enhance their writing skills. The researcher sought to identify common challenges students encounter in narrative writing, including organization, grammar, coherence, and creativity. The study employed a descriptive-developmental research design and aimed to determine and analyze the proficiency level in narrative writing among Grade 9 students. Based on the findings, the researcher developed a valid E-SIPAT as an instructional tool. Writing samples were collected from selected Grade 9 students and analyzed using a rubric assessing key aspects of narrative writing. The findings revealed that while students exhibited creativity, they struggled with coherence, grammar, and structural organization. These results underscored the need for a more structured and engaging instructional approach, which E-SIPAT aims to provide. The study concluded that targeted interventions, such as E-SIPAT, can enhance students' narrative writing proficiency by offering guided exercises, feedback mechanisms, and interactive learning opportunities. This research can contribute to the improvement of writing instruction in secondary education. By addressing gaps in narrative writing skills, E-SIPAT has the potential to enhance students' overall communication abilities, preparing them for academic and professional success.

Keywords: *writing proficiency, narrative composition, narrative texts, E-SIPAT, instructional tool, coherence, grammar, creativity, secondary education*

## PANIMULA

Teknolohiya ang isa sa mahalagang bahagi ng edukasyon sa isang bansa. Ito ay naglalaan ng samot-saring pagkakataon sa paglalahad ng karanungan at pagpapayabong ng kaalaman. Sa institusyon, ang pagtanggap ng teknolohiya ay nakaaambag din sa pagpabubuti ng abilidad sa pakikipagtalastasan sa paraan ng pagsasalita man o pagsusulat (Barraquio, 2015).

Sa kabila ng pangangailangan ng kahusayan sa komunikatibong aspekto, partikular sa pagsulat ng tekstong pagsasalaysay, naiulat ng *The United Nations Organization for Education, Science, and Culture* taong 2023 kung saan milyon-milyon pa rin ang hindi nakakukuha ng de-

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 91-100

kalidad na uri ng edukasyon sa daidig, na nagreresulta sa kahinaan sa pagsulat ng mga tekstong pasalaysay. Binanggit din nina Muhammed et al. (2016) na nakararanas ang iba-ibang estudyante sa gawaing pagsusulat batay sa yugto ng pagpapalawak ng kaalaman. Ito ay maaaring sa larangan ng lingguwistika, sikolohikal, kognitibo, at pedagohikal.

Sa pagpapalawak ng kaalaman ng wikang Filipino sa lebel ng sekundarya, pinakamahalagang tunguhin nito na hubugin ang kasanayan ng pagpapahusay ng kanilang lingguwistiko at komunikatibong kahusayan. Sa ginawang pagsisiyasat ng *Department of Education (2019)*, humigit-kumulang 60% ng mga estudyante sa pampublikong institusyon sa Pilipinas ay nahihirapan sa pagsulat ng tekstong pasalaysay, partikular sa mga organisasyon ng ideya, pagpapahayag ng emosyon, at pagkakaroon ng mahusay na pagkakabuo at koneksyon ng kuwento. Ito ay epekto ng kakapusan sa mga makabuluhang pagsasanay sa pagsulat sa mga mas mababang taon ng kanilang edukasyon. Parehong suliranin din ang iniulat ng *Education Program Supervisor* sa Filipino sa Dibisyon ng Koronadal para sa taong 2023-2024. Batay sa isinagawang pagsusulit, lumabas na ang ikasiyam na baitang ang may pinakamababang MPS sa mga estudyante ng sekundarya na nakatamo lamang ng 46.83 na bahagdan na kailangang linangin sa samot-saring paraan sa pagpapaunlad.

Bunga ng mga suliraning nabanggit sa pagsulat ng akademikong tekstong pagsasalaysay, may parehong danas din ang mananaliksik na nagtuturo sa ikasiyam na baitang sa Esperanza National High School, kung saan lumabas na malaking hamon sa mga estudyante, lalo na sa baitang siyam, ang pagsulat ng salaysay. Buhat sa *Learning Action Cell Session* at buwanang *Focused Group Discussion* na mga ulat, ay natukoy bilang mga hamon ay ang kawalang kohesyon sa sumusunod na pangungusap o talata, lalo na sa pagpapakilala ng simula, pagbuo ng daloy, at pagwawakas ng isang kuwento. Makikita ito sa resulta ng kanilang pagsusulit, gawain at aktuwal na gawain. Dagdag pa rito, isang mahalagang isyu rin ang pamamamaraan ng tagapagdaloy ng kabatiran sa pagkatha at sapat na daluyan ng kaalaman at kakulangan sa husay sa pagkatha ng mga estudyante.

Malawak ang responsibilidad ng makabagong kagamitan sa pagpapahusay sa pagkamit ng karunungan sa estudyante, higit sa larangan ng pagkatha ng akademikong tekstong pasalaysay katulad ng nabanggit sa naunang talata. Isang halimbawa nito gagawing E-SIPAT o ang (Elektronikong Suplementong Pampagtuturo at Inobasyon sa Pagsasanay ng Akademikong Tekstong Pasalaysay) ng mananaliksik na isang makabagong pamamaraan na layuning madebelop ang kahusayan sa pagkatha ng tekstong pasalaysay.

Bagaman may mga pananaliksik na nagpapahayag ng epektibong paggamit ng *mobile-assisted learning tools* (Pingmuang & Koraneekij, 2022) at teknolohiya sa pagtuturo ng pagsulat (Muzaffar & Qadeer, 2022; Obadare, 2023) sa pagpapaunlad ng kahusayan sa pagsulat. Dagdag pa rito, binibigyang-diin ng pananaliksik nina Zafar et al. (2024) ang gampanin ng elektronikong midya sa pagbabago ng anyo ng pagsasalaysay tungo sa isang interaktibo at *participatory* na *format*. Gayunpaman, may kakulangan sa pananaliksik na napatutungkol sa epekto ng teknolohiya, partikular ng E-SIPAT, sa kahusayan ng mga estudyante sa pagkatha ng tekstong pasalaysay sa suhetong Filipino. Halos lahat na umiiral na pananaliksik ay nakapokus sa wikang English at sa pangkalahatang kasanayan sa pagsulat, ngunit hindi tinatalakay sa anong paraan maaaring ipatupad ang digital tools para mapaunlad ang pagsusulat ng pasalaysay sa konteksto ng Filipino. Bukod dito, wala pang tiyak na pananaliksik na nagdurugtong sa teknolohikal na interbensyon at estratehiya ng E-SIPAT sa paggawa ng mas epektibong naratibong sulatin sa antas ng sekundarya. Sa kadahilanang ito, lumalabas na kinakailangan ang masusing pananaliksik para mabatid ang

epekto ng lokal at kontekstuwalisadong mga elektronikong suplemento, tulad ng E-SIPAT, nang mas mapabuti ang kahusayan ng mga estudyante sa pagsulat ng akademikong tekstong pasalaysay.

Tulad ng mga nabanggit na paborableng dulot makabagong kagamitan sa paghahatid at pagtatamo ng kaalaman, nag-udyok ito sa mananaliksik na pagtuunan ang kagalingan sa pagkatha ng tekstong pasasalaysay gamit ang wikang Filipino at ang pagbuo ng mungkahing balidong E-SIPAT (Elektronikong Suplementong Pampagtuturo at Inobasyon sa Pagsasanay ng Akademikong Tekstong Pasalaysay) na magsisilbing gabay at pantulong sa pagsulat ng mga estudyante.

Naglayon na masagutan ang sumusunod na tanong ang pananaliksik na ito:

1. Ano ang kahusayan sa pagsulat ng tekstong pasalaysay batay sa:
   1.1. eksposisyon;
   1.2. mga teknik sa pagsasalaysay at daloy;
   1.3. organisasyon at kohesyon;
   1.4. estilo at mga tuntunin; at
   1.5. kongklusyon?
2. Ano ang antas ng balidasyon ng nabuong E-SIPAT batay sa:
   2.1. nilalaman;
   2.2. disenyo at organisasyon ng kagamitan;
   2.3. kalidad ng teksto at anyo ng kagamitan;
   2.4. pagtatasa;
   2.5. kakayahang mabasa;
   2.6 sanggunian at pinagmulan ng sipi?
3. Ano ang antas ng pagtanggap ng mga guro sa kalidad sa nabuong E-SIPAT batay sa:
   3.1. layunin;
   3.2. nilalaman;
   3.3. pormat;
   3.4. presentasyon at organisasyon; at
   3.5. pagsasanay?
4. Ano ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa kalidad sa nabuong E-SIPAT batay sa:
   4.1. layunin;
   4.2. nilalaman;
   4.3. pormat;
   4.4. presentasyon at organisasyon; at
   4.5. pagsasanay?
5. May makabuluhang ugnayan ba ang antas ng pagtanggap ng guro't mag-aaral sa binuong E-SIPAT?

## METODOLOHIYA

### 2.1. Disenyo

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng deskriptib-debelopmental na disenyo upang masuri ang kasalukuyang antas ng kahusayan sa pagsulat ng tekstong pasalaysay ng mga mag-aaral at

makabuo ng balidong E-SIPAT bilang kagamitang pampagtuturo. Ayon kay Creswell (2014), inilalarawan ng deskriptibong pananaliksik ang kasalukuyang kalagayan at mga proseso ng pagkatuto, habang binigyang-diin nina Drew at Smith (2020) na ang debelopmental na pananaliksik ay nakatuon sa pagtataya ng mekanismo ng pagkatuto at pag-unlad sa isang tiyak na konteksto. Sa ganitong disenyo, mahalaga ang pangangalap ng datos, sistematikong pagsusuri, at masusing paglalapat ng impormasyon upang mapabuti ang mga estratehiyang pampagtuturo at makabuo ng epektibong programa na magpapalakas sa sistema ng edukasyon.

2.2. Respondente

Saklaw ng pananaliksik na ito ang mga mag-aaral sa Baitang 9 ng Esperanza National High School sa Dibisyon ng Koronadal. Ang 9-Gold ang may pinakamalaking bilang ng respondente, na may 27 mag-aaral, sinusundan ng 9-Silver na may 26, at 9-Uranium na may 25. Sa kabuoan, may 78 mag-aaral na lumahok bilang mga respondente.

2.3. Instrumento

Sa pagwawasto ng mga sinulat na tekstong pasalaysay ng mga respondente, ang mananaliksik ay gumamit ng analitikong rubrik na hinalaw sa *Common Core State Standards Writing Rubrics Grades 9-10* kasama sa kalipunang binuo sa pakikipagtulungan ng *English Professional Learning Council (EPLC)* na may kabuoang panukat na dalawampu't limang puntos (25) at nahahati sa sumusunod na pamantayan: eksposisyon, mga teknik sa pagsasalaysay at daloy, organisasyon at kohesyon, estilo at mga tuntunin at kongklusyon. Pagkatapos, isinagawa ang pagsusuri sa balidasyon ng anim (6) na dalubhasang guro at akseptabilidad ng labinlimang (15) guro at mag-aaral ng E-SIPAT gamit ang isang *evaluation tool* na naglalaman ng rubrik. Ang rubrik na ito ay hinalaw mula sa pag-aaral ni Francisquite (2011) upang masukat ang baliditi, at mula sa pananaliksik nina Peteros (2022) at Literal (2023) upang masukat ang akseptabilidad nito bilang isang awtput ng pananaliksik. Dumaan din ang pamantayan sa balidíti gamit ang *Content Validity Index (CVI)*, na isinagawa ng anim na eksperto sa larangan ng Filipino.

## RESULTA

Makikita sa Talahanayan 1 na ang eksposisyon ang may pinakamataas na may *mean na* 2.09 (SD=0.61), na nasa proseso ng pag-unlad, na nangangahulugan ng kakailanganin pagbutihin ang pagpapakilala sa pagsulat. Sinundan ito ng organisasyon at kohesyon na may *mean* na 1.80 (SD=0.56) at mga teknik sa pagsasalaysay at daloy na may *mean* na 1.62 (SD=0.58), na kapuwa nasa proseso ng pag-unlad, na nagpapahiwatig ng pangangailangan maayos at malinaw na pagpapadaloy ng ideya. Samantala, ang estilo at mga tuntunin (M=1.43, SD=0.69) at kongklusyon (M=1.44, SD=0.69) ay parehong may deskripsyong hindi sapat, na nangangailangan ng higit pang pagsasanay upang mapabuti ang kalidad ng pagsulat sa mga aspektong ito.

Talahanayan 1. Interpretasyon sa Talahanayan sa Kahusayan sa Pagsulat ng Tekstong Pasalaysay

| PAMANTAYAN | SD | MEAN | DESKRIPSYON |
|---|---|---|---|
| 1. Eksposisyon | 0.61 | 2.09 | Nasa proseso ng pag-unlad |
| 2. Mga Teknik sa Pagsasalaysay at Daloy | 0.58 | 1.62 | Nasa proseso ng pag-unlad |
| 3. Organisasyon at Kohesyon | 0.56 | 1.80 | Nasa proseso ng pag-unlad |

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 1 | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 91-100

| | | | |
|---|---|---|---|
| 4. Estilo at Mga Tuntunin | 0.69 | 1.43 | Hindi sapat |
| 5. Kongklusyon | 0.69 | 1.44 | Hindi sapat |
| Kabuoan | 0.61 | 2.09 | Nasa proseso ng pag-unlad |

Masisipat sa Talahanayan 2 na ang nabuong E-SIPAT ay nagpapakita ng bisang napakamataas batay sa pamantayan. Ang kabuoang *mean* na 4.94 (SD=0.12) ay nagpapahiwatig na ang nabuong kagamitang pampagtuturo ay napakabalido sa lahat ng aspekto. Ang mga pamantayan na kalidad ng teksto, kakayahang mabasa, at sanggunian ay pare-parehong nakakuha ng *mean* na 5.00 (SD=0.00), habang ang nilalaman naman ay nakakuha ng *mean* na 4.80 (SD=0.36). Ang *standard deviation* (SD) ay mababa, na nangangahulugan ng mataas na pagkakapare-pareho ng mga sagot ng mga tagapagbalido.

Talahanayan 2. Antas ng Balidititi ng Nabuong E-SIPAT

| PAMANTAYAN | SD | MEAN | DESKRIPSYON |
|---|---|---|---|
| 1. Nilalaman | 0.36 | 4.80 | Napakabalido |
| 2. Disenyo at organisasyon ng kagamitan | 0.11 | 4.95 | Napakabalido |
| 3. Kalidad ng teksto at anyo ng kagamitan | 0.00 | 5.00 | Napakabalido |
| 4. Pagtatasa | 0.22 | 4.90 | Napakabalido |
| 5. Kakayahang Mabasa | 0.00 | 5.00 | Napakabalido |
| 6. Sanggunian at pinagmulan ng sipi | 0.00 | 5.00 | Napakabalido |
| Kabuoan | 0.12 | 4.94 | Napakabalido |

Matutunghayan sa Talahanayan 3 na ang mga guro ay lubusang sumasang-ayon sa lahat ng pamantayan ng ebalwasyon na may *mean* na 4.92 (SD=0.22). Pinakamataas na *mean* na 4.96 (SD=0.17) ang layunin ng E-SIPAT, na sinundan ng pagsasanay (M=4.95, SD=0.19), pormat (M=4.93, SD=0.20), presentasyon at organisasyon (M=4.91, SD=0.29), at nilalaman (M=4.85, SD=0.35). Ang kabuoang *mean* na 4.92 (SD=0.22) ay nagpapakita ng positibong pagtanggap ng mga guro sa E-SIPAT bilang isang de-kalidad na elektronikong modyul na maaaring gamitin sa pagtuturo *online* man o *offline* na platform.

Talahanayan 3. Antas ng Pagtanggap ng mga Guro sa Kalidad sa Nabuong E-SIPAT

| PAMANTAYAN | SD | MEAN | DESKRIPSYON |
|---|---|---|---|
| Layunin | 0.17 | 4.96 | Lubusang sumasang-ayon |
| Nilalaman | 0.35 | 4.85 | Lubusang sumasang-ayon |
| Format | 0.20 | 4.93 | Lubusang sumasang-ayon |
| Presentasyon at organisasyon | 0.29 | 4.91 | Lubusang sumasang-ayon |
| Pagsasanay | 0.19 | 4.95 | Lubusang sumasang-ayon |
| Kabuoan | 0.22 | 4.92 | Lubusang sumasang-ayon |

Mababakas sa Talahanayan 4 na lubusang sinang-ayunan ng mga mag-aaral sa kalidad ng nabuong awtput. Ang *mean* ng bawat pamantayan ay nasa pagitan ng 4.81-4.91, na nagpapakita ng mataas na antas ng pagsang-ayon sa layunin, nilalaman, pormat, presentasyon, organisasyon, at mga kasamang pagsasanay. Bukod dito, *ang standard deviation* (SD) ay nasa mababang antas (0.23-0.39), na nangangahulugang magkakalapit ang sagot ng mga respondnete sa nabuong E-SIPAT.

Talahanayan 4. Antas ng Pagtanggap ng mga Mag-aaral sa Kalidad sa Nabuong E-SIPAT

| PAMANTAYAN | SD | MEAN | DESKRIPSYON |
|---|---|---|---|
| 1. Layunin | 0.23 | 4.91 | Lubusang sumasang-ayon |
| 2. Nilalaman | 0.34 | 4.85 | Lubusang sumasang-ayon |
| 3. Format | 0.34 | 4.81 | Lubusang sumasang-ayon |
| 4. Presentasyon at organisasyon | 0.39 | 4.82 | Lubusang sumasang-ayon |
| 5. Pagsasanay | 0.30 | 4.90 | Lubusang sumasang-ayon |
| Kabuoan | 0.32 | 4.86 | Lubusang Sumasang-ayon |

Inilalahad sa talahanayan na ang *t-value* ay -1.07 na may *p-value* na .301. Dahil ang *p-value* ay mas mataas kaysa sa antas ng kahalagahan na 0.05, lumalabas na walang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng antas ng pagtanggap sa nabuong E-SIPAT ng mga guro at mag-aaral.

Talahanayan 5. Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Pagtanggap ng mga Guro at Mag-aaral sa Nabuong E-SIPAT

| Pangkat | SD | Mean | t-value | p-value | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| Guro at Mag-aaral | 0.28 | -.08 | -1.07 | .301 | Walang makabuluhang kaibahan |

*at 0.05 antas ng kahalagahan*

## INTERPRETASYON

Batay sa resulta ng pag-aaral, may kabuoang *mean* na 2.09 at standard deviation na 0.61, na nagpapahiwatig ng pangangailangan sa pagpapalakas ng kakayahan sa pagsulat ng tekstong pasalaysay. Mahalagang pagtuunan ng pansin ang pagtuturo ng estratehiya sa pagsasalaysay, organisasyon ng ideya, at wastong paggamit ng gramatika at estilo (Hyland, 2018). Iminumungkahi rin ang paggamit ng materyal na kagamitang pampagtuturo upang mapaunlad ang kasanayan sa pagsulat. Dahil sa mataas na standard deviation sa ilang bahagi, maaaring may malaking pagkakaiba sa kasanayan ng mga mag-aaral, kaya't mahalaga ang indibiduwal na interbensiyon. Ayon kina Gilana at Marbella (2023), ang teknolohiya ay maaaring makatulong sa pagpapataas ng interes at pag-unawa sa pagsulat gamit ang mga makabagong elektronikong plataporma tulad ng e-modyul.

Ang antas ng balididiti ng nabuong E-SIPAT ay may kabuoang *mean* na 4.92 (SD=0.22), na nangangahulugang ito ay isang balidong kagamitan sa pagpapahusay ng pagsulat ng tekstong pasalaysay. Ang mataas na balididiti nito ay nagpapahiwatig na maaasahan ito sa pananaliksik at edukasyon. Ang mababang *standard deviation* ay nagpapatibay sa pagiging pare-pareho ng mga resulta, na nagpapakita ng kredibilidad ng E-SIPAT. Ayon kina Garcia at Lopez (2021), epektibo ang mga elektronikong modyul sa pagpapabuti ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Samantala, binigyang-diin nina Villanueva at Cruz (2022) na ang disenyo ng e-modyul ay mahalaga sa pagiging epektibo nito, lalo na sa malinaw na layunin at organisadong nilalaman.

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 1 | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 91-100

Lumilitaw sa resulta na ang antas ng akseptabilidad ng mga guro sa E-SIPAT ay mataas, na may kabuoang *mean* na 4.92 (SD=0.22). Natugunan nito ang mga pangunahing pamantayan ng kalidad, kabilang ang malinaw na layunin, epektibong pagsasanay, at maayos na pormat. Ang organisasyon at presentasyon nito ay madaling sundan at kaakit-akit, kaya't mabisang gabay sa pagkatuto. Ayon kina Gomez at Santiago (2022), epektibo ang elektronikong modyul sa pagpapabuti ng kasanayan sa teknikal na asignatura, habang sina Mendoza at Reyes (2022) ay nagsasaad na may positibong epekto ito sa pagsulat. Sinang-ayunan nina Villanueva (2020) at Hernandez at Villamor (2021) na nakapagpapataas ito ng interes at kusang pagkatuto. Samakatuwid, ang E-SIPAT ay isang mahusay na kagamitang pampagtuturo na maaaring higit pang pagyamanin.

Lubusang sinang-ayunan ng mga mag-aaral ang nabuong E-SIPAT, na may mean na 4.86 (SD=0.32). Ang mataas na mean sa lahat ng pamantayan ay nagpapakita ng positibong pagtanggap sa E-SIPAT bilang isang epektibong kasangkapan sa pag-aaral. Ipinapakita nito na ang malinaw na presentasyon at maayos na organisasyon ng nilalaman ay nakatutulong sa mas mabuting pang-unawa at pagpapanatili ng interes ng mga mag-aaral. Bukod dito, dahil maaaring magamit ang E-SIPAT sa online at offline na platform, ito ay madaling ma-access at kapaki-pakinabang sa pagkatuto. Ayon kina Hernandez at Villamor (2021), ang *multimedia content sa* e-modyul ay nagpapataas ng interes at pakikilahok ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, ipinakita nina Cruz at Villanueva (2021) na ang malinaw na estruktura at interaktibong elemento nito ay nagpapahusay sa *self-directed learning*.

Batay sa pagsusuri gamit ang *t-test*, ang *t-value* na -1.07 at *p-value* na .301 ay nagpapakita na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagtanggap ng mga guro at mag-aaral sa E-SIPAT. Dahil mas mataas ang *p-value* kaysa sa 0.05, nangangahulugan itong magkatulad ang pananaw ng dalawang grupo, kaya't ang E-SIPAT ay parehong katanggap-tanggap sa kanila. Ayon kina Logan et al. (2020), maaaring may teknikal na suliranin, kakulangan sa *digital literacy*, at interes na nakahahadlang sa epektibong paggamit ng teknolohiya sa edukasyon. Dagdag pa rito, ipinakita nina Ayuningtyas et al. (2023) at Kumar et al. (2023) na ang mga hamon tulad ng kakulangan sa kahandaan ng paaralan, distraksyon, at isyu sa internet ay maaaring makaapekto sa pagtanggap ng mga guro at mag-aaral. Ipinapakita nito na may mga aspekto ng E-SIPAT na maaari pang pagbutihin upang mas maging epektibo sa paggamit.

## KONKLUSYON

Batay sa resulta ng pag-aaral na ito, ang sumusunod na kongklusyon ay nabuo ng mananaliksik.

May napakababang pagganap sa pagsulat ng tekstong pasalaysay sa anumang pamantayan. Kinakailangang pagbutihin pa ang organisasyon, kohesyon, teknik sa pagsasalaysay, daloy, estilo, at kongklusyon upang mapataas ang kalidad ng pagsulat ng mag-aaral.

Nakapasa sa balidasyon ang E-SIPAT kaya angkop na gamitin bilang kagamitang pampagtuturo. Ito ay napatunayang may napakataas na bisa, lalo na sa kalidad ng teksto, kakayahang mabasa, at sanggunian, na may mataas na pagkakapare-pareho ng pagtataya mula sa mga tagasuri.

Magkakapareho ang positibong pananaw ng mga guro at mag-aaral sa kalidad at kabuluhan ng E-SIPAT, na nagpapakita ng kapaki-pakinabang na kasangkapan sa pagpapabuti at pagpapahusay ng pagtuturo at pagkatuto ng tekstong pasalaysay.

Sa pangkalahatan, ipinakita ng pag-aaral na ang E-SIPAT ay isang kapaki-pakinabang na kagamitan sa pagtuturo na maaaring magamit nang may kumpiyansa sa loob ng silid-aralan. Sa patuloy na pagsasaliksik at pagsasaayos, mas mapauunlad pa ito upang lalo pang makatulong sa edukasyon at maging mas mabisa sa pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral.

**SANGGUNIAN**


Ayuningtyas, L., Suwastini, N., & Dantes, G. (2023). Differentiated instruction in online learning: its benefits and challenges in efl contexts. *Jurnal Pendidikan Teknologi dan Kejuruan*. https://doi.org/10.23887/jptkundiksha.v20i1.54512.

Antonio, A. (2021). Syntactical Scrutiny: Inaccuracies in the Lesson Planning of Non- Language Pre Service Teachers.

Balog, P., & Gonzales, E. (2021). From Linguistic Landscapes to Teaching Resources: A Case of Some Rural Areas in the Province of Quezon. International Journal of Arts, Sciences and Education, 1(2), 23–44.

Banares, A. J. (2022). Reinterpreting Sonnet 18 by William Shakespeare through Stylistic Analysis. International Journal of Arts, Sciences and Education, 3(July Special Issue), 189–204. https://ijase.org/index.php/ijase/article/view/163.

Bangayan- Manera, A. (2020). Writing Without Permission: A Case study on Skinner's Analogy through Vandalism. International Journal of Psychosocial Rehabilitation. 24 (08), 571-578

Bangayan-Manera, A, Vecaldo, R. & Saquing J. (2020). Cultural Structuring of Urok Practices: An Intercultural Communication of Bago Tribe in Kalinga, Philippines. International Journal of Psychosocial Rehabilitation.24 (6), 13193-13217

Bangayan-Manera, A. (2019). Doodle: Towards A Hermeneutical Appreciation in Jacques Derrida's Deconstruction. The Asian EFL Journal. 24 (4.2), 291-204.

Bangayan-Manera, A. (2019). Textual Analysis of School Graffiti. The Asian EFL Journal. 21 (2.3), 273-285.

Barraquio, D. T. (2015). Grammar Proficiency of Colegio de San Juan de Letran Calamba College Students. NEXO, 1(1). Retrieved from http://ejournals.ph/form/cite.php?id=6780

Creswell, J. W. (2014). Research Design Qualitative, Quantitative and Mixed Methods Approaches (4th ed.). Thousand Oaks, CA Sage. - References -Scientific Research Publishing. www.scirp.org. https://www.scirp.org/reference/ReferencesPapers?ReferenceID=1964849

Cruz, J. (2022). Narrative Pedagogy: Creating Meaningful Learning Experiences. *Journal of Educational Theory and Practice*, 57 (4), 250-265.

Garcia, L., & Lopez, R. (2021). *Interactive e-modules as tools for improving academic performance in science subjects.* Journal of Innovative Learning, 14(4), 78-92.

Gilana, A., & Marbella, F. (2023). E-Gramatika: Elektronikong modyul sa pagtuturo ng balarilang Filipino. International Journal of Research Studies in Education, 12(8). https://doi.org/10.5861/ijrse.2023.61

Gomez, L., & Santiago, J. (2022). *Challenges and opportunities in implementing e-modules in science education.* Philippine Journal of Science and Technology Education, 5(4), 56–70.

Hernandez, R., & Villamor, C. (2021). *Interactive e-modules for improved academic engagement in higher education.* International Journal of Educational Technology, 7(2), 112–130.

Kumar, A., Omprakash, A., Kumar, P., Mani, C., MaheshkumarKuppusamy, I., Wael, D., Sathiyasekaran, B., Vijayaraghavan, P., & PadmavathiRamasamy, I. (2023). E-learning and E-modules in medical education—A SOAR analysis using perception of undergraduate students. PLOS ONE, 18. https://doi.org/10.1371/journal.pone.0284882.

Logan, R., Johnson, C., & Worsham, J. (2020). Development of an e-learning module to facilitate student learning and outcomes. *Teaching and Learning in Nursing*. https://doi.org/10.1016/j.teln.2020.10.007.

Mangindra, A., & Sandoval, M. A. (2021). Maguindanaon-Taw sa Laya epics Balatamay Lumëna, Diwata Kasaripan and Raha Samadaya: A reflection of their addat. International Journal of Research Studies in Education, 10(4), 101-110.

Mangindra, A. P. (2025). Preserving the legacy: A thematic analysis of heirloom narratives from the Bangsamoro-Maguindanaon. International Journal of Research Studies in Education, 14(2), 17-26.

Muzaffar, M., & Qadeer, R. (2022). The effects of technology-based teaching on the writing skills of efl learners at ssc level. Inception - Journal of Languages and Literature. https://doi.org/10.36755/ijll.v2i2.31.

Pingmuang, P., & Koraneekij, P. (2022). Mobile-Assisted Language Learning using Task-Based Approach and Gamification for Enhancing Writing Skills in EFL Students. Electronic Journal of e-Learning. https://doi.org/10.34190/ejel.20.5.2339.

Reyes, C. (2020). Exploring the Role of Narrative in Learning: A Study of High School Students. *Asian Journal of Educational Research*, 8 (1), 55-70.

Reyes, S. (2021). Using Narrative in Language Learning: Effects on Vocabulary Acquisition. *Language Learning Journal*, 49 (3), 301-318.

Reyes, P., & Santos, J. (2019). *Enhancing self-directed learning through e-modules: Impacts on student performance.* Asian Journal of Education, 15(4), 78–90.

Villanueva, V. M. (2016). Makabayang Pedagohiya sa Pagpapatupad ng OBTEC (Outcomes-Based Curriculum) Filipino sa Pamantasang Normal ng Pilipinas-Maynila. *The Normal Lights*, *10*(2).

Villanueva, C. (2020). *The role of electronic modules in developing self-directed learning skills*. Philippine Journal of Distance Education, 12(2), 34-49.

Zafar, Q., Jabeen, G., Asif, M., & Rauf, Z. (2024). Exploration of How Digital Media and Technology are Changing Narrative Forms and Literary Consumption. Bulletin of Business and Economics (BBE). https://doi.org/10.61506/01.00486.